

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Linggo ng Pag-iwas sa Sunog Oktubre 4 hanggang 10

BRAMPTON, ON (Oktubre 2, 2020) – Mula Oktubre 4 hanggang 10, ipagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Linggo ng Pag-iwas sa Sunog at binibigyang edukasyon ang mga residente sa pananatiling ligtas habang nagluluto. Ang tema ng taon na ito ay “*Palaging manatiling ligtas sa kusina habang nagluluto*”.

Ang mga sunog sa kusina ay ang nangungunang sanhi ng mga sunog sa bahay sa Brampton. Para manatiling ligtas habang nagluluto, maaaring sundin ng mga residente ang simpleng mga hakbang na ito:

- Manatili sa kusina habang nagluluto
- Tanggalin ang lahat ng panggambala habang nagluluto, kabilang ang iyong cell phone o television
- Kung kailangan mong iwanan ang kusina habang nagluluto, patayin ang stove at alisin ang kawali mula sa burner
- Huwag na huwag magluto kapag inaantok o lasing sa alak o cannabis
- Ilayo mula sa ibabaw ng stove ang anumang bagay na masusunog (hal. oven mitts, kahoy na kagamitang pangkusina, pakete ng pagkain, mga tualya, kurtina)
- Magsuot ng maikli o masakip na manggas kapag nagluluto

Mga Online Event sa Linggo ng Pag-iwas sa Sunog

Dahil sa COVID-19, ang programa sa Linggo ng Pag-iwas sa Sunog ng Fire and Emergency Services ng Brampton ay magiging birtwal sa taon na ito. Sundan ang Brampton Fire and Emergency Services sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#) para sa mga araw-araw na tip, mga resipe, at mas marami pa!

Sa Lunes, Oktubre 5 sa 6 pm, sumali kina Fire Chief Bill Boyes at Chef Jason Rosso mula J. Red & Co. Food + Drink sa [pahina sa Facebook ng Lungsod ng Brampton](#) para sa isang segment ng Facebook Live na pagluluto na magtatampok ng isang masarap na resipe kasama ang ilang pangkaligtasang tip sa sunog at isang pagkakataon na magtanong!

Ang isang segment ng pagluluto ay magiging available online kasama si Chef Wayne Reid ng Reggae Kitchen – matuto sa kung paano gumawa ng simpleng Jerk Chicken Stir Fry habang nananatiling ligtas sa kusina.

Ang Linggo ng Pag-iwas sa Sunog ay umaambag ng pagiging [Malusog at Ligtas na Lungsod ng Brampton](#).

Mga Quote

“Ang Linggo ng Pag-iwas sa Sunog ay nagsisilbing isang mahalagang paalala na gawing prayoridad ang pag-iwas sa sunog. Ang pagiging ligtas habang nagluluto ay napakahalaga, ngayon higit na magpakailanman, habang marami sa atin ang nananatiling ligtas sa bahay para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Hinihikayat ko ang lahat ng residente na matuto tungkol sa kung paano mananatiling ligtas habang nagluluto.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bawat isa sa atin ay may papel na ginagampanan sa kaligtasan sa sunog. Hinihikayat ko ang mga residente na maging maagap. Alamin ang tungkol sa kaligtasan sa sunog at panatilihing ligtas mula sa sunog ang inyong mga bahay at mga mahal sa buhay. Kung gagawin natin ang ating parte, maliligtas ang mga buhay.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Nagtatrabaho araw-araw ang aming team, ginagawa ang makakaya namin para panatilihing malusog at ligtas ang ating lungsod at mga residente. Hinihikayat ko ang lahat ng mga residente na bigyang kaalaman ang kanilang mga sarili sa kung paano makakaambag sa pagtiyak ng ligtas na pamamahay para sa kanilang mga mahal sa buhay. Nagtutulungan, makakagawa tayo ng kaibahan sa pag-iwas sa sunog.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga sunog sa kusina ay ang numero unong sanhi ng mga pagkakasunog ng mga bahay sa Brampton, at karaniwang madaling naiiwasan ang mga ito. Ang ating Brampton Fire and Emergency Services team ay palaging handang tumugon; gayunpaman, ang mga residente ay mahalaga ring parte ng ating team sa pag-iwas sa sunog at sila ay may pinakamalaking pagkakataon na maiwasan ang mga sunog sa kanilang mga bahay. Alamin ang kung ano ang dapat mong malaman para protektahan ang inyong bahay at inyong pamilya.”

- *Chief Bill Boyes, Brampton Fire and Emergency Services*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca